

Impormasyon ukol sa Benepisyong Pinansyal sa Pabahay

Ito ay para sa mga nanganganib namawalan ng tirahan dahil sa pansamantalang pagkawala ng trabaho na nagdulot ng kabawasan ng kita ang upa nang 3 buwan, hanggang 9 na buwan ay babayaran ng Gobyernong lokal direkta sa may ari ng tirahan



Hanggang sa kasalukuyan

Ang maaaring mag aplay nito

Nawalan ng hanapbuhay

Nagsara ng negosyo na inabot ng 2 taon

Mula Abril 20, 2020

Nawalan ng hanapbuhay · Nagsara ng negosyo na inabot ng 2 taon o kaya ay nagkaroon ng kabawasan ng kita dulot ng pansamantalang hindi pagpasok ng trabaho na nanganganib mawalan ng tirahan

Mas madaling magagamit o maisasagawa simula Abril 30

Hindi na kailangang mag aplay sa Hello Work upang maghanap ng trabaho

Para sa pag aaplay ng Benepisyong ito, tayo po ay kumunsulta sa pinakamalapit na Independent Consultation Support Organization

Listahan ng mga Independent Consultation Support Organization

<https://www.mhlw.go.jp/content/000614516.pdf>

Para sa Smartphone o Tablet →





Mga Madalas na Katanungan

Q. Ano ang ibig sabihin ng Panganib na mawalan ng tirahan dahil sa kabawasan ng kita dulot ng pansamantalang pagkawala ng hanap buhay?

A. Kung nabawasan ang araw o oras ng pasok sa trabaho na hindi mo kasalanan, malaking pagbawas ng tsansa na makapasok ng trabaho, ito ay kagaya ng mga sumusunod.

(Halimbawa 1) Instructor sa Sports gymn na ang dating pasok ay 4~5 araw sa 1 linggo ay naging 2~3 araw o mas kaunti pa rito.

(Halimbawa 2) Kung ikaw ay Free Interpreter na may schedule na bisita mula sa ibang bansa na makikilahok sana sa 2 linggong event ngunit nakansela.

(Halimbawa 3) Kung 2 ang iyong pinapasukang trabaho, subalit dahil sa pansamantalang pagsasara ng isa, ay nabawasan ang araw ng iyong trabaho.

(Halimbawa 4) Kung ang iyong negosyo ay hotel o ryokan na patuloy ang pagdami ng kansela.

Gawin po nating batayan ang mga nasa itaas at tayo po ay kumunsulta sa Munisipyo ng ating tirahan



Q. Paano malalaman na nasa panganib na mawalan ng tirahan dahil sa pagkawala ng hanapbuhay · nagsara ng negosyo na umabot ng 2 taon na nagdulot ng kabawasan ng kita?

A. Para sa mga empleyado, ipakita po natin ang ating labor contract na kung saan may mga kondisyones na mapapatunayan kagaya ng bilang ng araw at oras ng trabaho.

Ipakita rin ang shift ng trabaho na magpapatunay na nabawasan ang araw at oras ng trabaho.

Para sa may maliit na negosyo, magpasa po tayo ng kasulatan na magpapatunay na nabawasan ang oras ng serbisyo ng negosyo at kasulatan na nabawasan ang kita dahil sa mga kansela ng mga order.

Maari ring gamitin ang papeles na naglalahad na ikaw ay nakakuha ng special loan sa Council of Socila Welfare.

Maari ring gumawa ng anumang kasulatan o petisyon kung walang mga papeles na maipapasa.

Q. Maaari bang makatanggap ng benepisyong ito ang isang Freelancer na malaki ang nawalang trabaho?

A. Maaari. Ang isang Freelancer o may sariling negosyo na nahihirapang ipagpagpatuloy ang kanilang trabaho o negosyo, ay maring mag arubaito sa maikling panahon upang mapunan ang mga pangangailangan sa pamumuhay.

Ngunit hindi ibig sabihin na ititigil na nila ang kanilang kasalukuyang trabaho o negosyo.